



Kamakailang pagbabago: (mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

11/2/21: Epektibo simula Nobyembre 8, 2021, ang mga lugar ng pagdarausan (venues) ng kasalukuyang nangyayari (live) na panloob na pagtatanghal, kabilang ang mga teatro sa pagganap ng sining, lugar ng pagdarausan ng musika at konsiyerto, at lugar ng pagdarausan ng libangang pangmatanda (adult entertainment), kasama ang mga panlabas na kaganapan na may 5,000-9,999 na dumadalo, na idinaraos sa Lungsod ng Los Angeles (LA) ay sumasailalim sa Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA, Mga Madalas na Katanungan (FAQs) at mga nakakonekta (links) na idinagdag upang ipaliwanag ang epekto sa mga lugar ng pagdarausan ng kaganapan.

Ang dokumento ng Mga Madalas na Katanungan (FAQs) ito ay naghahangad na tulungan ang mga Nagpapalakad [Operator] ng Kaganapan sa pagsunod sa [Utos ng Opisyal ng Kalusugan](#) (Health Officer Order) ng LA County. Ang madalas na katanungan ay nalalapat sa mga malalaking kaganapan, kabilang ang mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events], na ang kahulugan ay mga kaganapan sa mga panloob na lugar (indoors) na may 1,000 o mas marami pang dumadalo at mga kaganapan sa mga panlabas na lugar (outdoors) na may 10,000 o mas marami pang dumadalo. Ang mga halimbawa ng Napakalaking Kaganapan [Mega Events] ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa: mga: kumbensyon, komperensya, expo, konsiyerto, palabas, nightclub, kapaganapan sa palakasan, kasalukuyang [live] kaganapan at paglilibang, peryahan, kapistahan, parada, de-temang parke (theme parks), panlibangang parke (amusement park), parke ng tubig (water parks), malalaking pribadong kaganapan o pagtitipon, marathon o karera ng katatagan (endurance races), at mga palabas na kotse (car shows).

1. Ano ang mga patakaran sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan at kailan magsisimula ang mga ito?

Ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ay nag-aatas sa mga nagpapalakad [operator] ng mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] na gumawa ng mga karagdagang hakbang upang patunayan ang katayuan sa pagpapabakuna ng karamihan sa kanilang mga kostumer. Nasa ibaba ang mga patakaran na lumalapat sa mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] at mga nauugnay na operasyon.

- ✓ Mga Napakalaking Kaganapan (Mega Events):
 - ✓ Ang lahat ng mga dumadalo sa mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] sa mga Panloob na Lugar (1,000+) ay dapat patuloy na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 o bago-pumasok na resulta ng (dayagnostikong) negatibong pagsusuri bago makapasok. Ang mga bata na wala pang 2 taong gulang ay mayroong eksemsyon.
 - ✓ Simula Oktubre 7, 2021: ang lahat ng mga dumadalo na edad 12 pataas sa mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] sa mga Panlabas na Lugar (10,000+) ay dapat na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 o bago-pumasok na negatibong resulta ng pagsusuri bago makapasok
 - ✓ Simula sa Nobyembre 1, 2021. Ang mga Nagpapalakad [Operator] ng mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] ay inaatasan na magkumpara [cross check] ng patunay ng ganap na pagpapabakuna o negatibong mga resulta ng pagsusuri sa virus ng COVID-19 para sa lahat ng mga dumadalo na 18 gulang pataas kumpara sa pagkakakilanlang larawan (photo identification).
 - ✓ Ang pagpapatunay (attestation) ay hindi na sapat upang magpatunay ng pagpapabakuna o katayuan ng pagsusuri.
 - ✓ Tingnan ang [Gabay sa Pagpapatunay sa Bakuna](#) at [Gabay sa Pagpapatunay sa Pagsusuri](#) para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa pagpapatunay (verification).

2. Bakit nagbibigay ng mas mataas na panganib ang mga Napakalaking Kaganapan (Mega Events)?

Ang mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] ay mas mataas ang panganib ng transmisyon sa COVID-19 dahil ang mga dumadalo ay gumugol ng mahahabang panahon sa pisikal na pagkakalapit sa maraming bilang ng mga tao na hindi nila karaniwang nakakahalubilo, samakatuwid ay pinatataas ang panganib na ang maliliit na butil ng palahingahan ay maililiipat sa pagitan ng mga dumadalo kung may taong dumadalo na nahawahan.



PAGPAPABAKUNA O INAATAS SA PAGSUSURI SA COVID-19 – MADALAS NA KATANUNGAN (FAQ)

ANONG KAGANAPAN ANG KAILANGANG MALAMAN NG MGA NAGPAPALAKAD (EVENT OPERATORS)

Tumataas rin ang panganib depende sa mga kondisyon sa kapaligiran. Ayon sa mga nailathalang ulat, ang mga kadahilanan na nagpapataas sa panganib ng impeksyon, kabilang ang transmisyon sa mga taong higit sa 6 na talampakan ang layo, ay kinabibilangan ng:

- **Mga saradong espasyo na may hindi sapat na bentilasyon o pag-ikot ng hangin** na nagbibigay-daan para sa pagkakaipon-ipon ng mga likido ng palahingahan, lalo na ang labis na napakaliliit na patak, at mga butil ng aerosol, na nasa hangin.
- **Pinataas na pagbuga ng hininga ng mga likido ng palahingahan** na maaaring maganap kapag ang nakakahawang tao ay nakikisali sa pisikal na pagbibinat (physical exertion) o inilalakas ang kanilang boses (hal., pag-eehersisyo, pagsigaw, pagkanta).
- **Matagal na pagkakalantad** sa mga kondisyong ito.

3. Ang aming lugar ng pagdarausan ay matatagpuan sa Lungsod ng Los Angeles (LA). Paano ang Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA ay nakakaapekto sa mga kaganapan na mangyayari sa Lungsod ng LA?

Epektibo simula Nobyembre 8, 2021, ang mga lugar ng pagdarausan (venues) ng kasalukuyang nangyayari (live) na panloob na pagtatanghal, kabilang ang mga teatro sa pagganap ng sining, lugar ng pagdarausan ng musika at konsiyerto, at lugar ng pagdarausan ng libangang pangmatanda (adult entertainment), kasama ang mga panlabas na kaganapan na may 5,000-9,999 na dumadalo na idinaraos sa Lungsod ng LA ay sumasailalim sa [Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA](#).

Gayunpaman, ang Ordinansa sa Lungsod ng LA ay tahasang ipinapahayag na ang mga patakaran ng Ordinansa ay **hindi lumalapat** sa “anumang lokasyon na inaatasan ng Utos ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (DPH) na magsiyasat ng patunay ng katayuan sa pagbabakuna sa COVID-19 bago ang pagbibigay ng panloob na serbisyo.” Nangangahulugan ito na ang Mga Panloob na Napakalaking Kaganapan (mga panloob na kaganapan na may higit sa 1,000 dumadalo) na nagaganap sa Lungsod ng LA ay **hindi** sumasailalim sa Ordinansa at sa halip ay dapat na patuloy na sundin ang patakaran sa pagpapabakuna ng [Utos ng Opisyal ng Kalusugan](#) ng County.

Ang lahat ng iba pang mga kaganapan na nangyayari sa Lungsod ng LA ay dapat na magreposito at sumunod sa [Ordinansa ng Lungsod ng LA](#). May mas marami pang impormasyon tungkol sa Ordinansa ng Lungsod ng LA sa [SafePass LA](#).

4. Aling mga patakaran sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ang lumalapat sa aking kaganapan?

Nag-iiba-iba ang panganib batay sa laki ng kaganapan at kung ito ay nagaganap sa mga panloob o panlabas na lugar. Ang mga panlabas na kaganapan at iyong mga may mabababang bilang ng dumadalo ay nagbabadya ng mas mababang panganib ng transmisyon kumpara sa malalaking, panloob na kaganapan. Nasa ibaba ay talaan na inilalarawan ang magkakaibang panuntunan na lumalapat batay sa dalawang katangian na ito ng kaganapan.

Epektibo simula Nobyembre 8, 2021, ang mga panloob na kaganapan na may mas kaunti sa 1,000 na dumadalo at mga panlabas na kaganapan na may 5,000-9,999 na dumadalo na idinaraos sa Lungsod ng LA ay dapat na sumunod sa Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA tulad ng inilalarawan sa Madalas na Katanungan (FAQ) na ito.

Lokasyon ng kaganapan	Bilang ng mga dumadalo	Mga panuntunan sa pagmamaskara	Patunay ng ganap na pagpapabakuna (o negatibong pagsusuri na kinuha sa nakaraang 72 oras) na inaatas para sa mga tumatangkilik (patrons)?	Mga inaatas sa mga tagapagtanghal (performer)?
PANLOOB	Wala pang 1000	Inaatas para sa lahat – bakunado o hindi bakunado	Inaatas kung ang lugar ng pagdarausan ay matatagpuan sa Lungsod ng LA*; kung hindi man ay mariing inirerekomenda	<ul style="list-style-type: none"> • Ang mga tagapagtanghal (performers) ay maaaring magtanggap ng masakara para magtanggap sa mga panloob na lugar (indoors) kung sila ay ganap nang nabakunahan o sinuri ng
	1000 o higit pa	Inaatas para sa lahat – bakunado o hindi bakunado	Inaatas	





				<p>dalawang beses man lamang lingo-linggo.</p> <ul style="list-style-type: none"> Maaari ring magtanggap ng maskara sa mga panlabas na lugar (outdoors). Mainam na ang mga tagapagtanghal ay dapat na hindi bababa sa 12 talampakan mula sa mga miyembro ng manonood.
PANLABAS	Wala pang 5,000	Inirerekomenda ngunit hindi inaatas	Inirerekomenda	
	5,000-9,999	Inirerekomenda, ngunit hindi inaatas	Inaatas kung ang lugar ng pagdarausan ay matatagpuan sa Lungsod ng LA*; kung hindi man ay mariing inirerekomenda	
	10,000 o higit pa	Inaatas para sa lahat – bakunado o hindi bakunado	Inaatas	

*Ang mga panloob na kaganapan na may mas kaunti sa 1,000 na dumadalo at mga panlabas na kaganapan na may 5,000-9,999 na dumadalo na matatagpuan sa Lungsod ng LA ay dapat na sumunod sa [Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA](#).

5. Bakit ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ay nag-aatas ng patunay ng pagpapabakuna upang makapunta sa loob ng ilang mga negosyo at dumalo sa mga Napakalalaking Kaganapan (Mega Events)?

Ginagawa ng Opisyal ng Kalusugan ang hakbang na ito dahil sa patuloy na transmision ng mas mabilis na kumakalat na baryanteng Delta ng virus na nagsasanhi ng COVID-19 at kasalukuyang mataas na antas ng transmision sa komunidad ng sakit sa County. Ang pag-aatas ng pagpapabakuna para sa mga pumapasok sa ilang partikular na negosyo na may mataas na panganib ay tutulong na mabawasan ang pagkalat sa komunidad, pabababain ang panganib para sa mga manggagawa at tumatangkilik sa mga kapaligirang ito, at lalo pang manghihikayat sa mga residenteng nasa panganib ng impeksyon na magpabakuna. Ligtas at mabisa ang mga bakuna, laganap na magagamit sa County, at ang pinakamahasag na paraan upang bawasan ang iyong personal na panganib ng pagkakaroon at malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19. Alamin pa ang mas marami tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 sa webpage na [Bakuna sa LA County](#).

6. Paano patutunayan ng mga negosyo ang katayuan sa pagpapabakuna?

Paalala. Ang pagsusuri sa katayuan sa pagpapabakuna ay nalalapat lamang sa mga dumadalo na edad 12 taon pataas. Simula sa Nobyembre 1, 2021, ang mga nagpapalakad [operator] ay dapat na magkumpara [cross check] ng pagkakakilanlang larawan at ng patunay ng ganap na pagpapabakuna o negatibong mga resulta ng pagsusuri sa virus ng COVID-19. Ang pagkukumpara [cross-check] ng larawang pagkakakilanlan [ID] ay nalalapat lamang sa mga dumadalo 18 taong gulang pataas. Ang mga negosyo na sumasailalim sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ay dapat na tumingin sa dalawang bagay:

- ✓ Magsiyasat para tingnan kung ang pangalan sa talaan [rekord] ng pagpapabakuna ay tumutugma sa larawang pagkakakilanlan (photo ID) ng dumadalo (kung 18+), AT
- ✓ Magsiyasat ng patunay ng pagpapabakuna sa COVID-19 para sa uri at (mga) petsa ng pagpapabakuna
 - Kung Johnson & Johnson (J&J), beripikahin na ang isahang dosis na may petsa na hindi bababa sa 14 na araw bago ang araw na ito.





PAGPAPABAKUNA O INAATAS SA PAGSUSURI SA COVID-19 – MADALAS NA KATANUNGAN (FAQ)

ANONG KAGANAPAN ANG KAILANGANG MALAMAN NG MGA NAGPAPALAKAD (EVENT OPERATORS)

- Kung Pfizer o Moderna, beripikahin ang dalawang dosis na may mga petsa. Ang pinakabagong petsa ay dapat na hindi bababa sa 14 na araw bago ang araw na ito.

May sari-saring uri ng mga talaan [record] sa pagpapabakuna na tinatanggap bilang patunay:

- ✓ **Talaang Terhata [Record Card] ng Bakuna o Talaan [Record] ng Kalusugan**
 - ✓ Talaang Terhata ng [Record Card] CDC ng Pagpapabakuna sa COVID-19
 - ✓ World Health Organization (WHO) Talaang Terhata [Record Card] sa Pagpapabakuna
 - ✓ Dokumentasyon ng pagpapabakuna mula sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o kung sino ang nagkaloob ng mga bakuna sa COVID-19
 - ✓ California Immunization Registry (CAIR2) na Talaan [Record] sa Pagpapabakuna
- ✓ **Digital na Talaan [Record] sa Pagpapabakuna**
 - ✓ Inilabas ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
 - ✓ Ang aprubadong kumpanya tulad ng Healthvana o Carbon Health

Tingnan: [Gabay sa Nakikitang Pagpapatunay ng Pruweba ng Pagpapabakuna sa COVID-19](#) ng LA County para sa mga larawan [image] at mas detalyadong impormasyon.

7. Paano patutunayan ng mga negosyo ang negatibong (dayagnostikong) mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19 bago pumasok?

Ito ay nalalapat sa lahat ng mga dumadalo sa [Panloob](#) na mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] at mga dumadalo na edad 12 taong gulang pataas sa [Panlabas](#) na mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] na hindi nagbibigay ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19. Ang mga resulta ng pagsusuri ay dapat na ipakita at patunayan bago makapasok. Ang mga bata na wala pang 2 taong gulang ay mayroong eksemsyon sa mga patakaran sa pagsusuri bago makapasok.

Simula sa Nobyembre 1, 2021. Ang mga Nagpapalakad [Operator] ng mga Napakalaking Kaganapan [Mega Events] ay inaatasan na magkumpara [cross check] ng larawang pagkakakilanlan ng dumadalo at patunay ng pagpapabakuna o negatibong mga resulta ng pagsusuri sa virus ng COVID-19; ang patakarang ito ay nalalapat lamang sa mga dumadalo na edad 18 taong gulang pataas.

Dapat na gawin ng mga negosyo ang mga sumusunod na mga hakbang upang kumpirmahin ang negatibong (dayagnostikong) mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19 ng mga dumadalo.

- ✓ Kumpirmahin ang pangalan ng tao at, kung nakalista, ang petsa ng kapanganakan sa resulta ng pagsusuri ay tumutugma sa kanilang larawang pagkakakilanlan [photo ID] (kung 18+), AT ang dokumentasyon ng (dayagnostikong) resulta ng pagsusuri sa COVID-19 ay dapat na ipakita na:
 - ✓ Ang resulta ng pagsusuri ay negatibo, AT
 - ✓ Ang pagsusuri ay kinuha sa loob ng huling 72 oras, AT
 - ✓ Ang uri ng pagsusuri ay COVID-19 o SARS-CoV-2 antigen (Ag) o PCR/NAAT, AT
 - ✓ Ang resulta ay mula sa laboratoryo o pangangalagang pangkalusugan o tagapagbigay ng pagsusuri o plataporma ng pasyente para sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (hal., Healthvana).

Tingnan: [Gabay sa Nakikitang Pagpapatunay ng Pruweba ng Negatibong Pagsusuri sa COVID-19](#) ng LA County para sa mga larawan [images] at mas detalyadong impormasyon.

8. Kailangan bang itago ng mga empleyado ang talaan [record] ng bakuna ng dumadalo o katayuan sa negatibong pagsusuri o talaan [record] ng proseso ng pagpapatunay?

Hindi. Sa pagpayag sa bawat tumatangkilik na maupo, tumanggap ng mga serbisyo, o makilahok sa mga aktibidad sa pasilidad, ang may-ari/nangangasiwa ng pasilidad ay nagpapatunay na ang pasilidad ay angkop na napatunayan ang bawat katayuan sa pagpapabakuna o negatibong



pagsusuri ng bawat dumadalo bago makapasok. Ang negosyo ay sasailalim sa anumang mga multa para sa hindi pagsunod kung ito ay napag-alaman na hindi sumusunod sa wastong proseso ng pagpapatunay ng bakuna.

9. Paano kakalkulahin ang dami ng dumadalo upang malaman ang katayuan ng mga Napakalaking Kaganapan [Mega Event]?

Ang panganib ng pagkalat sa isang kaganapan ay tumataas habang ang bilang ng mga taong dumadalo ay dumadami, dahil sa tumaas na malapitang pakikisalamuha sa pagitan ng mga dumadalo, at habang ang panahong itinatagal ng kaganapan ay tumatagal. Dapat na kalkulahin ng mga nagpapalakad [operator] ng kaganapan ang dami ng kanilang kaganapan batay sa kanilang kabuuang bilang ng mga dumadalo na inaasahan sa loob ng pasilidad ng kaganapan o tukoy na espasyo ng kaganapan sa anumang oras. Para sa maikling panahon na mga kaganapan (3 oras ang itinatagal o mas maikli pa), ang mga nagpapalakad [operator] ng kaganapan ay dapat na bilangin ang kabuuang bilang ng mga dumadalo na inaasahan sa kaganapan na may pagpapalagay na ang lahat ng dumadalo ay inaasahang dadalo para sa kabuuang itatagal ng kaganapan. Para sa mahabang panahon na mga kaganapan, tulad ng mga kaganapan na tumatagal ng 1 o mas marami pang araw, ang mga taga-organisa ng kaganapan ay dapat na ibatay ang kanilang pagtatasa [assessment] sa pagdalo sa bilang ng mga tao na inaasahang dumalo sa kaganapan sa oras na pinakamarami ang tao (peak time). Kung ang inaasahang pagdalo sa kaganapan ay hahantong sa dami ng Napakalaking Kaganapan [Mega Event] anumang oras sa panahong itinatagal ng kaganapan, ang Nagpapalakad [Operator] ng Kaganapan ay inaatasan na sumunod sa mga panuntunan ng Napakalaking Kaganapan [Mega Event] at patunayan ang katayuan sa pagpapabakuna ng mga dumadalo.

Ang mga Nagpapalakad [Operator] ng Kaganapan na naghahangad na hindi maabot ang limitasyon ng Napakalaking Kaganapan [Mega Event] para sa mas mahabang kaganapan ay dapat na isaalang-alang ang pagpapatupad ng inorasang pagtitiket upang mapaghiwahiwalay ang dami ng dumadalo sa buong oras ng itinatagal ng kaganapan at paggamit ng mga kawani upang magsubaybay sa mga lugar para sa pagsisiksikan at upang tulungang gumalaw ang mga dumadalo sa kasagsagan ng kaganapan.

10. Ano ang mangyayari kung ang pasilidad ay natagpuang hindi nagpapatunay ng katayuan sa pagpapabakuna ng mga tumatangkilik (patrons) at/o kawani?

Ang mga inspektor ng kalusugan ng County ay bibisitahin at oobserbahan ang mga operasyon ng mga pasilidad na ito sa mga oras ng normal na negosyo. Kung matutukoy ng inspektor ng kalusugan na ang negosyo ay hindi sumusunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan, (tulad ng pagpapatunay ng katayuan ng pagpapabakuna ng lahat ng mga tumatangkilik) sa paunang pagbisita, ang inspektor ng kalusugan ay idodokumento ang paglabag sa ulat [report] ng inspeksyon at maglalabas ng petsa sa pagsunod (compliance date) kung saan ang mga paglabag ay dapat na itama. Kung sa kasunod na inspeksyon ay wala pa ring pagsunod, isang Administratibong Pagsita sa halaga na \$500 ang multang ibibigay sa pasilidad, at ang Pampublikong Kalusugan ay patuloy na mag-iinspeksyon para sa pagsunod.

11. Inaatas pa rin ba ang mga maskara sa mga panloob na lugar (indoors) pagkatapos ng pagpapatunay ng bakuna?

Oo, ang mga maskara ay inaatas pa rin sa mga panloob na lugar (indoors) kahit na bakunado. Maaaring tanggalin ang mga maskara habang aktibong kumakain at umiinom. Ang mga tumatangkilik, kostumer, o bisita ay dapat na maupo sa mesa o nakaposisyon sa nakapirming counter, natiketan na upuan, o lugar habang aktibong kumakain o umiinom. Inirerekomenda na ang distansyang pisikal sa pagitan ng magkakaibang partido ay maipatupad upang mabawasan ang panganib ng pagkalat sa mga lugar kung saan ang mga tumatangkilik ay pinahihintulutan na aktibong kumain o uminom.

12. Mayroon ba kayong opisyal na karatula na nagsasaad na ang pagpapatunay ng bakuna o pagsusuri ay iniaatas ng ayon sa batas [legal]?

Ang [karatula ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan](#) ay maaaring matagpuan sa [Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan upang Mapigilan ang COVID-19, Gabay para sa mga Negosyo at Amo \(Employers\)](#) na pahina.